TABANG ELEMENTARY SCHOOL
San Francisco, Bulakan, Bulacan

PRE-TEST IN
EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO I



Pangalan_____Baitang___

Panuto. Tukuyin at bilugan ang letra ng kakayahang ipinapakita ng larawan



1. A. Pagsayaw B. Paggitara C. Pag drowing



2. A. Pagpinta B. Pagtakbo C. Pagsayaw

3. A. Paglangoy B. Pagtula C. Pag – awit

Panuto: Bilugan ang letra ng wastong sagot.

4. Mahilig kang umawit nais itong marinig ng iyong lolo at lola. Ano ang gagawin mo?
a. hindi ako kakanta b. aawitan ko sila c. magtatatgo ako

5. Maliksi ka sa larong takbuhan. Nagkaroon ng paligsahan sa inyong paaralan nais ng iyong guro na ikaw ay sumali. Ano ang gagawin mo?
a. iiyak ako b. hindi na ako papasok sa paaralan c. sasali ako sa paligsahan

6. Nais ng bunso mong kapatid gumawa ng saranggola, marunong kang gumawa nito. Ano ang gagawin mo?
a. makikipaglaro ako sa iba c. paiiyakin ko siya
b. tutulungan ko gumawa ng saranggola ang kapatid ko

7. Ang _____ay dapat gamitin upang mangatwiran ng tama at totoo.
a. dila b. kamay c. mata

8. Ang _____ay mabuting paggamit ng ating dila.
a. pakikipagdaldalan b. pagsasabi ng masama sa kapwa c. pagdarasal

9. Si Keianna ay mahilig sa porcorn, kendi at tsokolate. Araw- araw siya ay nagpapabili sa kanyang Nanay. Ano ang mangyayari sa ngipin ni Keianna?
a. masisira b.puputi c. gaganda

10.Ugali ni Lian ang maghugas ng kamay bago kumain upang makakaiwas sa_____
a. lamok b. sakit c. mikrobyo
11. Minsan nagkasakit si Daniel, ngunit ayaw niya uminom ng gamot. Umiiyak siya tuwing iinom ng gamot. Ang ugali ni Daniel ay_____.
a. tama b. mali c. dapat tularan

12. Tuwang – tuwa sina Cristoffer at Rhoanne dahil sila ay naglalaro sa tubig baha.
a. tama b. mali c. ewan

13. Si kuya ay palaging inuutusan pero hindi naman siya sumusunod. Gagayahin mo ba siya?

a. hindi po b. opo c. ayoko po

14. Laging tinutulungan ni Vincent ang kanyang tatay sa pagsisibak ng kahoy.

Si toto ay _____.

a. basagulero b. matulungin c. tamad

15. Kaarawan ng Lolo mo ngunit wala kang regalo. Ano ang gagawin mo?

a. iiyak ako b. magtatago c. Yayakapin at babatiin ko si Lolo

16. Nais mong kumuha ng kanin pero ito'y malayo sa iyo. Ano ang gagawin mo?

a. Pahingi ng kanin b. Pakiabot po ang kanin c. Hoy! Kanin nga.

17. Tinatawag ka para kumain pero hindi pa tapos ang pinananood mong palabas. Ano ang gagawin mo?

a. papatayin ang TV at sasabay sa pagkain c. hindi muna ako kakain

b. kakain sa harap ng TV

18. Mainit ang sabaw, paano mo ito hihigupin?

a. hihigupin ko bigla c. hihigupin ko ng dahan dahan

b. hihigupin ng malakas ang tunog

18. Hatinggabi na wala pa ang tatay mo, sinabi ng nanay mo na mauna na kayo kumain. Ano ang gagawin mo?

a. uubusin ko ang lahat ng pagkain c. titirahan ng konti si tatay

b. ipagtabi muna ng pagkain sina tatay at nanay bago ako kumain.

20. Ang pamilya ay dapat _____ sa pagdadasal

a. sama-sama b. kanya-kanya c. isa-isa

21. Masaya ang pamilyang sama-sama sa _____ sa ating Panginoon.

a. pagkikipag-away b. pagdarasal c. pagkain

22. Laging nag-aaway ang ate at kuya mo. Ano ang gagawin mo?

a. sisigawan sila b. sasabihin ko kay nanay c. Sasali ako sa away

23. Sama-sama ang _____ sa pagsisimba tuwing Linggo.

a. magkakaibigan b. mag-anak c. mag asawa

24. Tumatayo ako at bumabati sa panauhin ng aming paaralan.

a. tama b. mali c. dapat

25. Ang bawat pamilya ay hindi dapat na _____

a. nagmamahalan b. nagkakaisa c. nag aaway